



MAGTANIM
ng
Saging



ANG SAGING

Ang saging ay isa sa pinakakaraniwan at malawakang itinatanim na prutas sa Pilipinas. Sinasabi rin na ito ang isa sa pangunahing pinagkakakitaan ng bansa ng dolyar mula sa kinikita sa pagbebenta natin ng prutas sa ibang bansa.



Maraming kagamitan ang saging. Ang hinog na saging ay iniluluto, ginagawang kendi at iniimbak sa iba't ibang anyo kung ito ay kinakain ng sariwa.



Ang katas ng saging ay ginagamit sa paggawa ng ketsup, suka at alak, samantalang ang hilaw na laman nito ay pinupulbos o ginagawang banana chips.



Sa mga kanayunan o rural na pook, ang murang dahon ng saging ay ginagamit bilang pambalot sa mga prutas at gulay upang mapapanatili ang pagiging sariwa kapag ang mga ito ay iniluwas sa mga pamilihan.



Ginagamit ding madalas ang hibla ng saging sa paggawa ng lubid, sako at banig.

Ang balat ng saging ay ginagamit naming materyales sa paggawa ng papel at kartulina. Samantala, ang bulaklak ng saging ay tinutuyo at iniluluwas para ibentang pansahog. Kadalasang ginagamit ito ng mga maybahay bilang pansahog o rekado sa mga espesyal na lutuin.

URI NG SAGING

Ang **saging** ay nagmula sa Timog Silangang Asya na may mainit at mahalumigmig na klima. Ayon sa Kawanihan ng Paghahalaman, sa bilang na 57 uri ng saging na itinatanim sa Pilipinas, ang pinakakaraniwan ay Saba, Lakatan, Latundan, Bungulan at Cavendish.

SABA - lumalago hanggang 20 talampakan ang taas. Patulis ang bunga, at makapal ang balat na luntian ang kulay kung hilaw at dilaw naman kung mahinog. Maputi ang laman nito kapag hinog at bumubunga sa loob ng 15 hanggang 16 na buwan matapos itanim.



LAKATAN - lumalago sa taas na 5 hanggang 9 na talampakan. Bilog at walang buto ang bunga nito, makapal ang balat na kulay luntian kapag hilaw at yellow-orange naman kung hinog. Ito ay bumubunga sa loob ng 14 hanggang 15 buwan matapos itanim.



LATUNDAN - lumalago nang mula 6 hanggang 10 na talampakan ang taas. Bilog ang bunga nito, manipis ang balat na kulay luntian kung hilaw, at dilaw kung hinog. Ang balat nito at puti kapag hinog. Ito ay namumunga sa loob ng 2 buwan matapos itanim.



BUNGULAN - napakatamis, walang buto at madaling mabulok. Makapal ang balat nito na kulay luntian kung hilaw at nananatiling luntian hanggang sa ito ay mahinog. Ang laman nito ay puti kung hinog. Karaniwang namumunga sa loob ng 12 buwan ang uring ito matapos itanim.



CAVENDISH - tumataas ng 5 hanggang 10 talampakan. Higit na malaki ang bunga nito kaysa Bungulan. Luntian ang kulay ng balat kung hilaw at nagiging dilaw kapag nahinog. Ang laman nito ay dilaw kapag nahinog at ito ang uring panluwas at karaniwang tumatagal ng 6 hanggang 8 buwan bago mamunga matapos itanim.



URI NG KLIMA AT LUPANG TANIMAN

Ang saging ay angkop na angkop sa tuyo at loamy soil na mayaman sa organikong pataba. Ugmang-ugma ang pagtatanim ng saging sa mga pook na kung saan may katamtamang pag-ulan na 4,000 millimeter sa loob ng isang taon. Ang angkop na temperaturang kailangan ng saging ay nasa pagitan ng 27 hanggang 30 degrees celsius.

PAGTATANIM NG SAGING

Maaaring itanim ang saging sa pamamagitan ng risoma (rhizomes) at suwi. Gayunman, inirerekomenda ng mga eksperto sa paghahalaman ang pagtatanim ng suwi (suckers).

Kailangang ligtas sa parasito at may malulusog na ugat ang suwing itanim. Karaniwang ito ay hinuhukay at pinipigtas sa iba pang suwi sa pamamagitan ng asarol, pala, o anumang panghukay kapag ito ay may taas na 4 hanggang 5 talampakan.

PAGHAHANDA NG TANIMAN

Sa paghahanda ng taniman ng saging, ipinapayo ng mga eksperto sa paghahalaman na araruhing mabuti at sururin ng tatlong beses ang taniman. Kailangang alisin ang lahat ng mga tuod at palumpong (*bushes*) upang maging madali ang paglago ng tanim.

Pagkatapos maararo at masuyod ng tatlong beses ang taniman, gumawa ng hukay na ang lalim ay pantay tuhod na may luwang na 45 sentimetro at ang bawat hukay ay kailangang lagyan ng 10 gramo ng kumpletong abono at kaunting *granular nematode*.

PARAAN NG PAGTATANIM

Patayong itinanim ang suwi sa ginagawang hukay at pagkatapos ay tinatabunan ng lupa ang paligid ng suwi.

Haluan ng kompost ang itatabong lupa sa paligid ng puno upang bumilis ang paglago ng itinanim na suwi. Regular na diligin ang puno ng bagong tanim. Sa panahon ng tag-init, ipinapayo ang pagpapatubig hangga't maari itong gawin. Mabuting magtanim ng saging sa pagsisimula ng tag-ulan.

PANGANGALAGA SA TANIM

Ibaon ang suwi sa hukay nang mahigit sa 6 na piye mula sa puno upang maiwasan ang pagkakaroon ng pinsala sa ugat. Magsasagawa ng salit-tanim o bombahin ng Glamoxine o Karmex spray upang mapuksa ang damo.

Lagyan ng suhay na tulos na kawayan ang puno ng saging sa panahong bumunga ito upang hindi ito mabuwal sa malakas na ihip ng hangin.

PAG-AALIS NG DI KAILANGANG SUWI (*SUCKER*)

Kailangan tanggalin o patayin ang mga di kailangang suwi ng inang saging. Magtira lamang ng 1 o 2 suwi bawat puno upang hindi mag-agawan ang mga ito sa taba ng lupa.

PAGLALAGAY NG PATABA

Kung kulang sa taba ang lupang pinagtaniman ng suwi, lagyan ito ng abono na nagtataglay ng N-P-K sa proporsyon (ratio) na 3:1:6.

Dinodoble ang dami ng abono kung ang nilalagyan nito ay bago pa lamang tanim. Ang dami ng inilalagay na abono ay dapat dagdagan habang tumatanda ang puno. Sa panahon ng pamumulaklak at pamumunga ng saging, kailangan ng isang puno ang 5 hanggang 6 na librang kumpletong abono.

PESTE AT SAKIT NG SAGING

Sa isinasagawang matinding pananaliksik ng mga eksperto sa paghahalaman, natuklasan na may 27 insekto na umaatake sa tanim na saging sa Pilipinas. Gayunman, mayroon lamang 3 peste ang natuklasan na labis na mapaminsala sa lahat ng uri ng pananim na saging.



Kabilang sa mga ito ang ***banana corn weevil*** na umaatake at sumisira sa suwi. Karaniwang namamatay ang tanim matapos salakayin ng naturang peste ang suwi.

Masasawata ang pesteng ito sa pamamagitan ng pagbobomba sa lupa ng Furadan 5 G, 10 G. Ipinapayo ng mga eksperto sa paghahalaman ang kumpletong sanitas-

yon at pagputol sa naapektuhan ng corn *banana corn weevil* bilang pinakamabisang pansawata sa pesteng ito.


Ang isa pang peste na natuklasan ng mga eskperto sa paghahalaman ay ang **fruit-peel sarring beetle**. Sini-sira nito ang balat ng prutas. Upang makontrol ang paninira ng pesteng ito, ipinapayo ng mga eskperto sa paghahalaman ang pagbobomba ng Decis sa buwig sa saging.



Ang **banana floral thrips** ay maaari namang makontrol sa pamamagitan ng **Diazinon 40/60 EC o Decis 2.5 100 spray**.

Samantala, tatlong pangunahing sakit ng saging ay ang sigatoka, pitting o wilting at ang moko.

Ang **Sigatoka** ang dahilan ng pagkakaroon ng batik sa dahon ng saging na likha ng **Mycosphaerella musicola**. Kaagad na namamatay ang dahon ng saging sa sandaling dapuan ng sakit na ito.




Sa malubhang pangyayari, ang buwig at ang piling ng saging ay lumiliit. Gayundin, nahihinog nang wala sa takdang panahon ang saging at nagkakaroon ng di karaniwang lasa at masamang amoy. Karaniwang binobomba ng *Bordeaux mixture* ang tanim kung sinasalakay ng ganitong sakit.

Ang **pitting o wilting disease** ay lumilikha ng tuyoy, **reddish-brown** o itim, pabilog o patulis na batik sa dahon ng saging. Makokontrol ang sakit



na ito sa pamamagitan ng sanitasyon. Karaniwang dumaring sa panahon ng tag-ulan ang sakit na ito. Ang lahat ng dahon ng saging na lumalaylay ay kailangang alisin upang maiwasan ang lubhang pamiminsala ng naturang sakit.

Sa kabilang dako, ang **Moko disease** ay nalilipat sa isang halaman mula sa ibang halaman sa pamamagitan ng mga insekto at mga nahawang ginagamit sa pagtanim. Ang epekto ng **Moko** ay tulad din ng epekto ng **sigatoka**. Ang tanging pagkakaiba ay hindi nagkakaroon ng masamang amoy ang naapektuhan ng Moko. Maaaring makontrol ang sakit na ito sa pamamagitan ng pagbobomba ng *formaldehyde*.



PAG-AANI

Maaari nang anihin ang anumang uri ng saging kung ang huling dahon nito ay madilaw na. Ang hugis ng anyo ng piling ay nagpapahiwatig din ng pagkahinog nito. Kung bilugan na ang bunga, nasa hustong gulang na ito para tibain.



Karaniwang tinitiba ang Saba sa ika- 15 hanggang ika-16 na buwan matapos na ito ay itanim, ang Lacatan ay 14 hanggang 15 na buwan, ang Latundan ay 12 buwan, ang Bungulan ay 12 buwan samantalang ang Cavendish ay sa loob naman ng 6 hanggang 8 buwan matapos itanim.

Sa pagtiba ng buwig ng saging, kailangan ang da-

lawang magkatulong, isa ang tatabas sa puno samantalang ang isa ang siya namang sasalo sa buwig.

PAMAMAHALA AT PAG-IIMBAK PAGKAANI

Mga gawain sa lugar kung saan isinasagawa ang pag-iimpake:

- 1. Pagtanggap ng “kamay” sa maliitang produksyon** – ang pag-alis ng kamay ng inaning mga saging ay ginagawa sa mismong pinag-anihan. Sa ganitong kalagayan, ang inaning mga saging ay dapat munang dalhin sa nalilimang lugar upang mabalam ang pagkasira. Gumamit ng mga dahon ng saging upang masapinan at matakpan ang mga prutas.
- 2. Pagtatanggal ng bulaklak** – kasama nito ang pag-aalis ng mga bahaging may bulaklak dahil ito’y nagtaglay ng napakaliit na mga organism. Ito ay isinasagawa bago mag-alis ng kamay.
- 3. Paghuhugas at pagbubukod-bukod** – ang paghuhugas ay nakakatanggal ng dumi at ng mga pinagmumulan ng mgaunggus na kumakapit sa ibabaw ng prutas. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng paglalagay ng mga prutas na ipinaghihiwalay-hiwalay ang bawat kamay sa mga tankeng hugasan na mayroong malinis na tubig o dinidisipekta na may 10ppm na chlorine. Ang pagbubukod-bukod ay kasabay na isinasagawa habang hinuhugasan ang mga prutas. Ang may pasang mga prutas, may langib, mga gasgas at sobrang malaki at maliit na mga prutas ay inuuri bilang itatapon o rejects.
- 4. Pagpigil sa Crown Mold** – upang mapigil ang pagkabulok ng sapin ng prutas o mga korona dahilan sa mga sakit na umaatake pagkaani, gamutin ng mga ipinapayong pamatay fungi ang mga prutas karaniwan ang Benomyl o Thiabendazole, sa pamamagitan ng pagbomba o pagtubog. Ang tawas ay maaaring idagdag sa solusyon upang mapigil ang pag-agos ng dagta.
- 5. Paglalagay ng pangalan/marka** – ilagay ang marka o label sa 2 “daliri” kada “kamay” bago ang pag-iimpake.

PAG-IIMPAKE

- 1. Pampamilihang local** – Iniimpake ang mga prutas sa mga basket na yari sa kawayan, kahong gawa sa kahoy at makulay at makulubot/magaspang na karton. Iwasang gumamit ng maliit ng mga kawayang basket na yari sa pira-pirasong loobang bahagi ng kawayan dahil madaling masira ang mga ito. Ito rin ay di matibay kapag napunan ng sobra at maaaring gumulong habang ibinabiyahe. Ang mabuway o madaling mangiba na kahoy na pinaibabawan ng mahahabang mga patpat ay mas mainam gamitin bilang lalagyan maari pang gamitin muli kung ihahambing sa matigas na mga kawayang basket.
- 2. Para sa Pandaigdigang Pamilihan** – Iimpake ang mga prutas sa mga kahong yari sa karton na may tablang fiber sa ilalim at takpan ng manipis na polythelene film. Butasan. Ang kahon ay nagpapaiba-iba kumorme sa umaangkat na bansa.

PAGBIBIYAHE

Para sa malayong pagbibiyahe, ilagay ang mga saging sa trak o dyip. Ang mga buwig ay dapat ilulan nang magkapatong o mgkasuson na may berde o sariwang dahon ng saging na nakapagitan sa bawat suson. Ang mga buwig ay kailangang masinsin ang pagkakaimpake kung kaya'y walang lugar upang maalog o mauga habang ibinibiyahe na maaaring dahilan ng pagkasira ng mga prutas.

Ang mga saging ay di dapat ilagay sa mga lugar na may matinding temperature, o malapit sa mga daanang nasa napakalamig o napakainit na temperature. Ang mga kahon ay kinakailangang di mahulog, matapon at nakasalansan ng patiwarik/pabaliktad, magulong/gumugulong o umaangat. Huwag lagyan ng kahit ano ang ibabaw ng mga kahon.



Muling ipinalimbag at ipinamamahagi ng:

DA-MIMAROPA
Regional Agriculture and Fisheries
Information Section (RAFIS)

3rd Flr. ATI Bldg., Elliptical Road
Diliman, Quezon City
Tel. No: (02) 920-2044